



22 ng Enero, 2021

Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa mga Magulang

Isang Balitang Liham Ika-labing anim na isyu
Dibisyon ng Pagsuporta Para sa Mag-aaral ng Ingles Kagawaran ng
California (CDE)

Pambungad na Liham

Mga Magulang,

Ang ika-labing anim na edisyon ng Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa mga Magulang ay magdadala sa atin sa simula ng bagong taon. Sana kayo at ang inyong pamilya ay nasa mabuting kalagayan.

Ang edisyon na ito ng Malayuang ay nagbibigay ng mas maraming oportunidad sa mga magulang at pamilya na mapagkukunan kung bakit kailangang gamitin ang sariling wika, para makilahok sa mga webinar at para makakuha ng mga bagong inpormasyon sa CDE Free Streaming Video Subscription Service.

Tandaan na kung kailangan ninyo ng suporta para makaakses at kaianganin ang suporta sa tuluyang komunikasyon sa guro ng inyong anak, kailangang kontakin ang paaralan sa lalong madaling panahon.

Bagong Taon 2021

Oportunidad para makasali sa Webinar, Pebrero 3, 2021, ika 3:00-4:30 nang hapon, PST – Kailangang Magpalista na Kaagad!

Tulong sa mga Batang Nag-aaral ng Ingles sa Tahanan: Mga Simple at Nakakatuwant Gawain Upang Mapalakas ang Pag-unlad ng Wika.

Presentasyon ng REL West. Ang webinar na ito ay ginawa para sa mga tauhan ng distrito at paaralan na nagtrabaho kasama ng mga mag-aaral ng ingles mula sa K-5 at pati na ang kanilang pamilya. Ang mga papel ng Gawain ay makukuha sa Ingles at Espanyol para sa mga magulang at tagapag-alaga para magamit sa kanilang mga anak sa bahay.

https://wested.zoom.us/webinar/register/WN_G_L7wiKeRLq-dpYrwLgC4Q

Mga Mapagkukunan ng Inpormasyon Linggo-Linggo

Inpormasyon sa Pagkain: CA Meals for Kids

Maaari pa ring kunin ang pagkain ng mga bata sa panahon ng COVID-19 na kung saan ay sarado ang mga paaralan. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” mobile app para malaman kung saan kukunin ang pagkain o kaya ay kontakin ang distrito ng paaralan para makakuha ng mga inpormasyon. Ang ibang distrito ay nagbibigay ng libreng hatid sa bahay. Kailangan lamang na kontakin ng magulang ang paaralan ng kanilang anak para malaman kung ito ay maaari din nilang gawin.

CDE News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

Pagkuha ng internet

Kung wala kayong akses sa internet sa bahay, ay mayroon naming mga kompanya na nagbibigay ng serbisyo sa mga pamilya. Kontakin lamang ang mga kompanyang ito na nakalista sa link sa ibaba para mapag-usapanang serbisyong maaaring makuha..

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

Mga Tulong Sa Pag-aaral sa Sariling Tahanan

Sa ibaba ay mga libre at rekomendadong tulong na maaaring magamit sa inyong mga anak sa loob ng tahanan o sarili nilang gamit.

Mga Tips para sa mga Magulang

Mga Tip para sa mga Magulang sa Pagbabasa (Iba't-ibang wika)

Ang pagbabasa at ang pagkahilig sa pagbabasa ay nagsisimula sa tahanan. Ang tip na isang-pahina, isang araw, ay isang magandang paraan para matulungan ng mga magulang na maging mahilig ang mga anak sa pagbabasa at maging matagumpay sa kanilang pagbabasa.

<https://www.readingrockets.org/article/reading-tips-parents-multiple-languages#languages>

Paano Kung Hindi Ako Marunong ng Ingles? (Magagamit din sa Espanyol) But What if I Don't know English? (Available in Spanish)

Kung ang iyong Ingles ay hindi kasinghusay ng iyong sariling wika, maari kang magsalirta, magbasa at umawit sa sarili mong wika. Sa ganitong paraan, madaragdagan ang kakayahan ng inyong anak na magsalita at gamitin ang sariling wika. Maging inspirado na matuto pa rin ng Ingles habang pinapanatili ang sariling wika sa inyong tahanan.

<https://www.colorincolorado.org/article/what-if-i-dont-know-english>

Malaki ang Tulong ng Maskara sa Lahat sa Buong Paligid Mo

Nariyan pa rin ang COVID-19 sa ating paligid at sa buong California. At ang pinakamabuting paraan para mapabagal ang kalat nito, ay ang pagsusuot ng maskara sa tuwing lalabas ka ng iyong tahanan. Dahil dito, ang estado ng California ay nananawagan sa lahat ng tao na kailangang magsuot ng maskara kung nasa labas ng tahanan at panatiliin ang distansyang mga anim na talampakan sa inyong pagit.

Ang Kagawaran ng Kalusugan ng California ay naglathala ng isang bidyo para maturuan ang publiko ng tamang paraan ng pagsuot ng maskara para maprotektahan ang mga nasa paligid ninyo mula sa COVID-19.

Tulungan ninyo kaming maikalat ang salita sa pamamagitan ng panunuod ng bidyo sa inyong mga kasamahan at komunidad sa sosyal medya.

<https://mailchi.mp/listoscalifornia/introducing-a-listos-california-collaboration-with-stayhomesavelives-4090341?e=6ebd2ed1db>

Libreng Streaming ng Serbisyo ng Subskripsyon ng Bidyo

Dahil sa patuloy na pagangailangan ng mapapagkunan ng birtwal, ang CDE Streaming Video Subscription Service at <https://www.cdevideos.org/> Ang website ay kasalukuyang ina-update para makapagbigay ng **libre at direktang akses sa lahat ng rehistrandong gumagamit.**

Sosyal Medya at Email

Upang lagi ninyong alam ang mga bagong kaalaman at inpormasyon, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](https://twitter.com/MultilingualCA).

Para magsubscribe sa Mutinlingual Updates Listserv, magpadala lang ng blanking email sa join-multilingual-support-division-updates@mlist.cde.ca.gov.